

Alameda Alliance for Health

Mga Gamot para sa Pagdepende sa Opioid



Mga Inireresetang Opioid – Mga Pang-ibsan ng Pananakit

Sa Alameda Alliance for Health (Alliance), narito kami para tulungan kang pamahalaan ang iyong kalusugan. Puwede mong gamitin ang gabay na ito para makontrol ang paggamit mo ng mga opioid.

Kahit na gamitin ang mga opioid sa paraang sinabi ng doktor, puwede pa ring magresulta ang mga ito sa pagdepende o pagkalulong dito. Para magamot ang pagdepende sa opioid, isinasabay ng mga doktor ang mga gamot sa behavioral therapy. Tinatawag itong Paggamot sa Tulong ng Gamot (Medication-Assisted Treatment, MAT).

Mga Gamot para Mabawasan ang Pag-crave ng Opioid

Kung nahihirapan kang kontrolin ang paggamit mo ng mga opioid, makakatulong ang MAT. Tanungin ang iyong doktor tungkol sa mga gamot para mabawasan ang pag-crave ng opioid.

Posibleng maging mabisa para sa iyo ang tatlong (3) gamot sa ibaba:

1. Ang **Buprenorphine** ay isang mas ligtas na opsyon at makakatulong na pigilan ang pag-crave ng mga opioid.
1. Sa **Methadone**, nililalang ang utak para isipin nitong nakakakuha pa rin ito ng mga opioid. Ibinibigay ito sa isang klinika para sa programa ng paggamot gamit ang opioid (opioid treatment program, OTP).
3. Binabawasan naman ng **Naltrexone** ang kagustuhang gumamit ng mga opioid. Ibinibigay ito sa tanggapan ng iyong doktor.



Gamot para Ma-reverse ang Pagka-overdose

Puwedeng masagip ng **Naloxone** ang isang tao mula sa pagka-overdose sa opioid. Umeepekto ito sa loob ng dalawa (2) hanggang tatlong (3) minuto. Available sa spray (kaliwang larawan) o itinuturok na device (kanang larawan) ang gamot, na parehong madaling gamitin.



Mga halimbawa ng Naloxone.

Kailangan mo ba ng higit pang suporta?

Tumawag sa Mga Programang Pangkalusugan ng Alliance

Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm

Numero ng Telepono: **1.510.747.4577**

Mga taong may mga problema sa pandinig at pagsasalita (CRS/TTY):

711/1.800.735.2929

www.alamedaalliance.org

ALAMEDA
Alliance
FOR HEALTH

HE_MBR5_OHE_MAT 05/2020
OP-3 HED Rev 10/2019